

. Bulong.

-Ni: CorrectionFluid-

Kasabay ng pagdampi ng hangin sa balat mo ay ang pagbulong ko ng nararamdaman ko sayo.

Naririnig mo ba?

Naririnig mo ba yung puso ko?

Na ang tanging sinasabi e mahal kita?

Sabihin mo nga.

Naririnig mo ba?

Tingin ko kasi ...

“KAHIT anong gawin kong bulong sayo, hindi mo pa rin ako maririnig. Hay. Puro naman *ganito*. Hindi ka naman nagpapakilala. Nakakainis ka na.”

IBINALIK mo sa locker mo yung pangwalong sulat na natanggap mo mula sa *kanya*. Mag – iisang linggo na rin buhat nang una kang makatanggap nito. Wala namang nakalagay kung sino yung *nagbibigay*. Liban sa paulit – ulit na mensahe, lagi lang blangko yung bandang dulo ng papel.

Naglalakad ka na papunta sa klase mo ng bigla kang salubungin ng isang pamilyar na pigura.

“Oh, bakit Lunes na Lunes e mukhang Byernes Santo yang mukha mo?”

Sinimangutan mo *siya*. Alam na alam *niya* talaga kung kailan ka masaya at kung kailan ka may dinaramdam. Tiningnan mo muna yung oras sa relo mo. May ilan pa namang minuto bago magsimula ang pangalawa mong klase kaya huminto ka muna saglit sa corridor para makausap *siya*.

“Hay. *Hindi* na naman *siya* nagpakilala.”

“Sino ba?! Ahhh .. yung *sumusulat* sayo?”

“Oo. Hay. Daryle, sabihin mo nga .. may *kagusto* – *gusto* ba talaga sakin?”

“Psh. Ano ba namang klaseng tanong ‘yan Louie?”

“Eh malay ko ba kung niloloko *niya* lang ako. Na wala lang *siyang* magawa sa buhay *niya*. Kaya *ako* yung napili *niyang* paglaruan at gawing libangan.”

Nakita mo *siyang* napa – buntong hininga. Hindi *niya* siguro inaasahan ang kadirektahan ng tanong mo.

“Ayos lang kung hindi—“

--“Alam mo, ‘wag mo kasing hintayin. Ang hinog sa pilit, maasim. Darating din *yun*. Makikilala mo *siya* sa tamang panahon. Malay mo, parating na *siya* pero ng dahil sa trapik e lagi *siyang* naaantala.”

“Sira. Ano namang kinalaman ng trapik sa *kanya*? Pero seryoso, tingin mo, darating talaga *siya*?”

Tiningnan mo *siya* ng diretso sa mata. *Iyon* ang pinakamagagandang pares ng mata para sayo. Kung pwede nga lang hilingin na sana, ariin mo na lang ng buong – buo ang mga matang nakikita mo ngayon.

“Oo nga. Darating *siya*. Darating *siya* pero sa tamang panahon. Oy—limang minuto na lang at klase mo na. Mamaya na lang tayo ulit mag – usap. Doon pa rin, *sa dati*.”

“Sus. Bakit?! May ipakikilala ka na namang *bago* sakin, ‘no?’”

“Baliw! W-wala. Pumasok ka na nga doon!”

Nakita mong itinuro niya ang direksyong kinabibilangan ng silid niyo. Marami – rami na rin ang mga nagsisipasukang estudyante. Hinihintay na lang nila ang propesor.

“Anong oras mamaya?!”

“Alas kwatro. At wag na wag kang mahuhuli kundi titigpasin ko ‘yang leeg mo.”

NAPAPAILING ka dahil sa balitang nalaman mo. May proyekto kayo sa asignaturang tanging pahirap para sa iyo, at para rin sa ibang kklase mo. Hindi ito biro dahil kinakailangan ng matinding kaaalaman sa usaping teknolohiya at mga terminong pang syentipiko.

Hindi mo alam kung paano ka magsisimula, nawawalan ka na ng pag – asa.

Gawaing indibidwal ang proyekto at mahigpit na ipinagbabawal ang magkaroon ng kasama.

Nag – aalala ka pa dahil sa delikadong lagay mo sa asignaturang ito.

Maaaring ang resulta ng proyektong ito ang siyang maging dahilan ng ikababagsak mo.

Breaktime.

May dalawang oras na pahinga kayo bago ang susunod na klase. Ala una y media na ayon sa relo mo. Nagpapalipas ka na lang ng oras dito sa opisina ng organisasyong kinabibilangan mo. Liban sa nagpapalamig ka, umiiwas ka rin sa gastos kaya hindi ka na rin madalas sumasama sa mga iba mo pang kaibigan.

Iniiisip mo kung sino sa mga myembro niyo ang maaaring makatulong sa bagay na pino – problema mo.

Pilit mong iniisip kung sino pero kahit anong pagpiga sa utak ang gawin mo, wala ka pa ring maikabit na pangalan lalo na kung usaping ‘*software*’ ang pinag – uusapan.

Hanggang sa naalala mo *siya*.

Siya na totoong makatutulong sa *problema mo*.

Si Daryle Abaya.

Ang kaisa – isang lalake na pinaka - matalik mong kaibigan.

Ang natatanging lalake na anumang oras e handa kang tulungan.

Ang kakaibang lalake na iyong pinagkakatiwalaan ...

Na siya ring nag – iisang may hawak ng susi sa puso mo.

Yun nga lang ..

Ang tanging damdamin lang na inuukol *niya* para *sayo* ..

E pagmamahal lang para sa isang hamak na kaibigan.

Mapakla kang napangiti dahil sa pagsasalimbayan ng mga alaala. Tandang – tanda mo pa noon kung paano kayo unang nagkakilala. Naalala mo pa nga na palagi kayong nag – aaway dati. Pilit kayong sinasaway ng mga magulang niyo dahil mistula kayong aso't – pusa.

Lumipas ang mga araw, linggo, buwan, hanggang sa naging taon.

Nagulat ka na lang dahil kahit anong away ang ginagawa mo sa kanya, pilit pa rin siyang dumidikit sayo. Kahit na inilalampaso mo siya sa larong baka – moro nong elementarya pa lang kayo, sige pa rin siya sa pakikipaghabulan kahit na alam niyang ikaw pa rin ang mananalo. Mabilis ka kasing tumakbo.

Kung pareho lang sana ng larong baka – moro ang samahan natin, e di sana, matagal ko ng napanalunan 'yang puso mo dahil sa bilis ko ...

Kaso, kahit anong gawin kong pagtakbo .. para makuha kita bilang premyo ..

“E ako pa rin ang talo .. sa larong baka – moro.”

Nagising ka na lang isang araw na .. palalim nang palalim ang nararamdaman mo sa *kanya*. Akala mo, simpleng paghanga lang .. dahil nandyan *siya* lagi sa tabi mo, lalo na sa oras na nangangailangan ka. Hindi lang *siya* basta isang kuya, na handa kang protektahan sa bawat kasamaan ng mundo, na handa kang ingatan para lang maiwasan kang masaktan, na handa kang samahan sa kahit na anong susuongin mong laban.

Pero sadyang mailap ang kapalaran.

Ni minsan, hindi niya sinabi o ipinaramdam man lang sayo na kaya ka pa *niyang* mahal in ng higit pa sa nakababatang kapatid at kabigan.

At dahil lagi kayong magkasama, mula elementarya, sekundarya maging sa kolehiyo ...

Tinanggap mo na lang sa sarili mo na kahit kailan, siya at siya lang ang mamahalin mo.

“Pero bago pa masira ang pagkakaibigan natin .. asahan mo .. na hindi na 'ko hahabol dahil pagod na 'ko ..

Kaya bago pa mahuli ang lahat, ako naman ang tatakbo .. tatakbo palayo sayo.”

Dumukdok ka muna sa lamesang nasa harapan mo. Masyado kasing masakit para sayo ang inihahanda mong desisyon. Pero alam mong mas masasaktan ka tiyak sa oras na sabihin mo sa kanya yung nararamdaman mo, lalo kung isang tumataginting na **“hindi, ayoko ..”** ang isasagot niya sayo.

Kaya bago pa man mangyari yun, at bago pa man niya maramdaman ang damdamin mo para sa kanya ..

“Uunahan na kita. Dalawang linggo. Dalawang linggo bago ang kaarawan mo, pangako ..

Hinding – hindi mo na 'ko makakasama.”

MATAPOS ang dalawang oras, bumalik ka na sa loob ng klase. Psychology ang huling asignatura na kailangan mong pagdaanan sa araw na 'to. Ewan lang kung sadyang nananadya ang kapalaran o ano, pero sa lahat naman ng pag – aaralan niyo ngayon, tungkol sa *damdamin ng tao* pa ang napagtripan ng propesor niyo.

Marami siyang sinabi. Marami siyang ipinunto. Pero isa lang talaga ang tumatak sa isipan mo.

“Walang tama o mali sa taong umiibig. Dalawang magkaibang bagay ang utak at puso. Sinunod mo nga ang sinasabi ng isip mo, pero ang tanong .. yun ba ang sinasabi ng puso mo?”

Napailing ka na lang.

Tapos na ang klase pero nanunuot pa rin sa pandinig mo yung sinasabi ng propesor niyo. Iniisip mo tuloy kung itutuloy mo pa ba ang inihahanda mong *desisyon* o ano. Itinatanong mo na rin sa isip mo kung tama nga ba ang gagawin mo, at ang mas matindi ..

Kung kaya mo bang panindigan ito.

Naglalakad ka na papunta sa *dati*. Sa may *tagpuan* niyo.

Napaaga ka ng labinlimang minuto. Maaga kasi kayong pinalabas ng propesor dahil maaga ring natapos ang diskusyon niyo.

Nagulat ka dahil pagdating mo ..

Nandoon na *siya*.

Ang lalakeng itinatangi ng puso mo ..

At hindi lang basta ang ibinubulong, pero ang isinisigaw ng damdamin mo.

Hahakbang ka na lang sana papalapit sa *kanya*.

Ng mapansin mong tila naliligalig *siya* at kinakausap pa ang sarili *niya*. Mistula siyang kalahok sa isang talumpating di – handa, na dagliang nag – iisip ng lilimiing paksa.

Napagpasyahan mong magkubli muna sa pader na pumapagitan sa inyo, makinig sa isang tabi.

At pakinggan kung anuman ang sinasabi *niya*.

“Alam mo Louie, ang totoo niyan, matagal na kitang mahal e. Matagal na matagal na. Kaso, hindi ko masabi sayo ng harapan, hindi ko maipadama sayo ng direksahan .. dahil natatakot ako ..

Natatakot akong umiwas ka at tuluyan mo ‘kong iwanan. Mga bata pa lang tayo, pero .. napapansin ko na, hindi lang ang bilis mo sa pagtakbo, pero pati na rin ang kakaiba mong ganda. Nabanggit kong mabilis kang tumakbo, oo .. totoo ‘yun. D-dahil—“

“Ay sh!t, ano nga ulit yung kasunod?!”

Muntik ka ng mapatawa ng malakas.

Hindi lang dahil sa nakikita mo kung paano *siyang* pagpawisan sa noo, kundi pati na rin sa reaksyon *niya* kanina habang binabalikan ang papel na pinagsulatan niya ng mga linya ... mga linya na sasabihin niya dapat *sayo*.

Nakita mong tumikhim muna siya, bago tumayo at ulitin ang mga bagay na nasambit na niya kanina.

Tutok na tutok ang mga mata mo sa *kanya*.

Hindi lang basta pagtitig ang nilalaman ng mga tingin mong ‘yon.

Nandoon na rin ang paghanga, pagpapasalamat .. at higit sa lahat,

Buong – pusong pagmamahal.

ehem ehem

“Asan na ba ‘ko .. Ayun! Nabanggit kong mabilis kang tumakbo, oo .. totoo ‘yun. Dahil sa sobrang bilis mo, ako lagi ang natatalo sa laro nating baka – moro. Hindi lang basta maunahan ka sa base o finish line ang habol ko, kundi gusto ko rin sanang makuha ang premyo .. na walang iba kundi *ikaw* mismo. E kaso, walangya, laging ako ang talo. Sabagay, bakit ko nga ba hihilingin pang maunahan ka, e kung mismong puso ko, *nakuha* mo na?”

Wag ka sanang magagalit. Alam kong wala naman akong pag – asa sakali mang manligaw ako sayo, dahil alam kong hanggang pagtinging *kaibigan* lang naman talaga ang kaya mong ibigay sakin. Pasensya na kung ngayon lang ako nagkalakas ng loob.

Wala naman akong balak na umamin at sabihin 'to sayo e. Ayokong masira ang pagkakaibigan natin. Ayokong tawirin yung lalim noon, at baka sa pag – asam ko na mahalín mo ko ng higit pa sa kaibigan, e tuluyang masira at mawala yung matagal kong inalagaan at iningatan sa loob ng maraming panahon.”

Malapit ka ng mapatawa ng malakas dahil sa mga bagay na naririnig mo. Hindi mo kasi inaasahan ..

Na sa wakas, magkakaroon na rin ng katuparan yung matagal mo ng dasal sa Poong Maykapal.

Patuloy mo pa rin siyang pinagmamasdan. Ibinulsa na niya yung papel na hawak – hawak niya kanina. Nakita mo rin na humugot siya ng malalim na buntong hininga bago niya ipinagpatuloy ang pagsasalita.

“Ang haba ng sinabi ko. At panigurado, hindi mo din naman naintindihan. Ito na lang ang isipin mo .. at lagi mo sanang tatandaan. Oo, ako yung sumusulat sayo. Ako yung walang kwentang lalake na walang lakas ng loob para sabihin kung sino ako. Natatakot kasi ako sa oras na malaman mo yung nararamdaman ko para sayo. Pero ngayon, babaliin ko muna ang mababaw kong prinsipyo. *Susugal ako.*”

Louie Rosete, mahal kita. Mula pa noong mga bata tayo, mahal na kita. Ayos lang sakín kahit na hindi mo ko kayang mahalín. Ayos lang sakín kahit na hindi mo 'to mapansin. Pero sana, maniwala ka at hayaan mong mahalín kita .. sa paraang alam ko at sa paraang kaya kong gawin.

Ang bagal ko no? Pasensya na .. ngayon lang ako nagkaroon ng lakas ng loob e.

Kasabay ng pagdampi ng hangin sa balat mo ay ang pagbulong ko ng nararamdaman ko sayo.

Naririnig mo ba?

Naririnig mo ba yung puso ko?

Na ang tanging sinasabi e mahal kita?

Sabihin mo nga.

Naririnig mo ba?

Tingin ko kasi ...

KAHIT anong gawin kong bulong sayo—”

Doon mo napagdesisyunang lumabas mula sa lugar na pinagkukublihan mo.

At magpakita sa kanya.

--“Mali ka. Narinig ko na. Narinig ko na ..

Yung matagal ng ibinubulong ng puso mo.”

Saka mo siya tiningnan ng direktso sa mata at ginawaran ng pinakamatamis mong ngiti.

“K-kanina ka pa ba n-nandyan?!”

Napalunok siya dahil sa sinabi mo. Nakita mo rin na bigla – bigla siyang namutla at pinagpawisan ng butil – butil sa noo.

“Hindi ba halata?! Ang haba – haba ng sinabi mo. Kinabisado mo pa talaga, 'no?! Para kang tanga. Pwede namang ang sabihin mo lang ..

Louie, ako yung sumusulat sayo. Matagal na kitang mahal, tapos.”

Matagal bago siya nakasagot.

“Eh—syempre, maganda 'yung malinaw. Ayoko namang magtapat sayo ng hindi ko nasasabi lahat ng gusto kong sabihin.”

Napayuko siya. Namagitan na naman sa inyo ang sandaling katahimikan. Ayaw mo ng masira kung anuman ang magandang nasimulan .. kaya naman sa pagkakataong 'to ..

“Makinig ka sakín Daryle. Ako naman ang may ibubulong sayo.”

Unti – unti kang lumapit sa kanya. Naisip mo na ito na ang tamang panahon. Nakikita mo rin na gumuguhit sa mga mata niya ang matinding pagtataka pero hindi mo ito alintana.

Tumingkayad ka ng kaunti para maabot mo ang mukha niya, at mapalapit sa tenga niya. Mas matangkad kasi siya ng ilang pulgada sayo.

Ngumiti ka muna ng ubod – tamis bago nagsalita. Inilapit mo na yung bibig mo sa tenga niya at ibinulong ang ilang mahahalagang pares ng salita na alam mong makapagpapabago ng buhay mo at buhay niya.

“Daryle, mahal kita. Matagal na.”

Bumalik ka na ulit sa normal mong pagkakatayo.

Ngumiti ka sa kanya at saktong ngumiti rin siya sayo.

Nagtama pa nga ang mga mata niyo.

Nanatili lang siyang nakatitig sayo, habang tila kinakabisa ang lahat ng parte ng mukha mo.

Sakto namang umihip ang mabining hangin sa paligid niyo.

Naramdaman mo ang malambing na pagdampi nito sa balat mo.

Kasabay ng pagdampi ng hangin sa balat mo ay ang pagbulong ko ng nararamdaman ko sayo.

Naririnig mo ba?

Naririnig mo ba yung puso ko?

Na ang tanging sinasabi e mahal kita?

Sabihin mo nga.

Naririnig mo ba?

Naalala mo 'yung lagi *niyang* sinasabi sa mga sulat.

Saka ka muling nagsalita.

“O ano, *narinig mo ba?*”

-THE END-

(c July 15, 2012 by: CorrectionFluid)